Republic of the Philippines
Province of Camarines Norte
Daet, Camarines Norte

KAUTUSANG TAGAPAGGANAP
BLG. 34-A, 2020____

KARAGADAGAN ALITUNTUNIN AT PAGBABAGO TUNGKOL SA IMPLEMENTASYON NG MODIFIED GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (MGCQ) BUNGA NG ENHANCE LUZON COMMUNITY QUARANTINE SA BUONG LALAWIGAN NG CAMARINES NORTE.

SAPAGKA'T, Ang Kautusang Tagapagganap Bilang 34, at nagsasad ng Implementasyon ng Modified General Community Quarantine sa buong Lalawigan ng Camarines Norte at ito ay nagkabisa at ipinatutupad mula madaling araw ng Hunyo, taong 2020;

SAPAGKA'T, Ang IATF, sa kanilang sinang ayunan na panukala at mga alituntunin para sa implementasyon ng Modified Community Qurantine, at ang konsepto ng pag sona ng mga lugar at kaukulang kwalipikasyon nito ayun na rin sa kanilang pagtatasa upang lalu pang mapabuti at maging akma at nababagay sa pagbabago ng kategorya ng pag kwarantina ng mga komunidad;

SAPAGKA'T, susog sa E.O. Bilang 112, Seksyon 3, at IATF Resolusyon Bilang 40, s. 2020 na may petsa ng Mayo 27, 2020 na simula ng Hunyo 1, 2020 ang Bicol Region 5 kasama ang probinsya ng Camarines Norte ay kabilang sa ' low risks provinces ' na pwedeng ipatupad ang 'Modified General Communiity Quarantine 'at susog nito ang inamyendahan na 'Omnibus Guidelines ng Implementasyon ng Community Qurantine' sa buong Pilipinas;

SAPAGKA'T, Ang Resolusyon Bilang 43 s, 2020 na may petsa 3 ng Hunyo, 2020 batay sa masusing pag repaso ng IATF Technical Working Group, ay sinang ayunan at inaprobahan n ang mga rebisyon o pagbabago sa Omnibus Guidelines ng Implementasyon ng Community Quarantine;

NGAYON, SAMAKATUWID, Ako, si EDGARDO A. TALLADO, Gobernador ng lalawigan ng Camarines Norte, at sa pamamagitan ng karapatang bisa na ipinagkaloob sa akin ng batas, ay ipinag u-utos ang Executive Order No.34-A, series 2020 "MGA BAGO AT KARAGDAGAN PATAKARAN AT ALITUNTUNIN TUNGKOL SA IMPLEMENTASYON NG 'MODIFIED GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (MGCQ)' BUNGA NG LUZON ENHANCE COMMUNITY QUARANTINE, AT EPEKTIBO MULA PETSA 6 NG BUWAN NG HUNYO TAONG KASALUKUYAN, SA BUONG LALAWIGAN NG CAMARINES NORTE.

> *"No hotels or similar establishments shall be allowed to operate except those accommodating the following".(Omnibus Guidelines)*
>
> x x x

Seksyon 1. Karagdagan kahulugan ng salitang *accommodation establishments*, Subalit ang mga naturang 'accommodation establishments' ay makapag operate lamang kung mayroon silang Certificate of Authority to Operate ayon sa pahintulot ng Department of Tourism (DOT), at basic accommodation lamang ang pwede sa kanilang mga guests, at hindi pinahihintulutan sa loob ng kanilang lugar ang restaurants, cafes, gyms, spa at at iba pa at ganuon din ang 'room service'., Pinahihintulutan lamang ang mga sumusunod: (1) packed meals para sa mga guests, at (2) take out at delivery lamang.

"Ang lahat ng tao ay pinahihintulutan nang lumabas ng kanilang mga tahanan." (Kautusang Tagapaganap Bilang 34, Seksyon 3, bilang 2.)

x x x

Seksyon 2. Ang mga mamamayan na edad dalawampu at isa (21) pababa, at ang mga indibiduwal na animnapu at isa (61) pataas, yaong mayroon immunodeficiency, comorbidity, iba pang risgo ng kalusugan, at mga buntis ay dapat nasa loob ng kanilang mga pamamahay lamang, at hindi pinapayagan na lumabas ng kanilang mga bahay.

Seksyon 3. Incorporation Clause.

a. Lahat ng batas, kautusang legal, panuntunan at regulasyon na naisumite na at isusumete pa lamang na itinatag ng may awtoridad ng Republika ng Pilipinas na nauukol sa pang-publikong kaligtasan at COVID-19 ay isinisasama sa pamamagitan, pangangailangang ng nauukol dito. Kung sakaling may lumabas na problema, ang mga batas, kautusang legal, panuntunan at regulasyon ay may karapatan, sa pangunguna na pinagkaloob ng Executive Order.

b. Ano mang panuntunan na pinalabas at ipapalabas ng labing dalawang munisipyo na hindi umaayon sa kautusang ito ay pinapawalang bisa.

Seksyon 4. Effectivity. Ang kautusang ito ay ipinapatupad mula ika 6 ng Hunyo, 2020.

IN WITNESS WHEREOF, Patunay nito ang aking lagda at ang Selyo ng Lalawigan ng Camarines Norte, ngayon Hunyo 5, 2020 dito sa Kapitolyo Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Kgg. EDGARDO A. TALLADO